

ANG PAGSASALIN BILANG ISANG LARANG

Ni:

Adam Helson G. Elardo

Teacher I, St. Francis National High School

Ang Pilipinas, bilang isa sa mga sinasabing bansang kabilang sa Third World ay kalakip na ang katotohanang madalas ay nakasunod at naiimpluwensyahan ng mga uso't mayroon sa higit na progresibong mga bansa, mapa sa anyo ng kultura, pananamit, negosyo, bagong teknolohiya, makinarya, pananalita at higit sa lahat ay sa sistemang pang-edukasyon ng mga taga ibayong dagat na madaling nakapapasok na kalauna'y nagiging natural at normal na bahagi ng sirkulasyo't sistema ng bansa, wala nang bahid ng panghihiram .

Sa patuloy na pagiging natural at madulas na pagpasok ng iba't ibang kaalaman mula sa mga dayuhang wika lalo sa Ingles, ang isa sa mga pangunahing dahilan ng pagsilang ng pagsasaling-wika. Kung saan ang iba't ibang disiplina ng karunungan ay napalalawak, napauunlad at madaling napauunawa sa pamamagitan ng pagsasalin mula sa pinanggalingang wika papunta sa tunguhing wika na higit na maiintindihan ng lahat.

Binigyan ng iba't ibang pakahulugan ng marami ang pagsasaling-wika. Ayon kay Nida (1969), ang pagsasaling-wika ay paglilipat ng mensahe mula sa isang wika tungo sa ibang wika na maituturing na isang syentipiko o makaagham na paglalarawan. Ipinaliwanag pa niya na ang sinumang magpilit na ang pagsasaling - wika ay isang sining at walang makaagham na pagsusuri ay masasabing paimbabaw lamang at walang malalim na pagsusuri sa ginagawang pagsasaling - wika. Malilimi ang malalim at tunay na kahulugan ng isang pagsasalin sa pamamagitan ng pagususuring makaagham na kalimitang nakatago sa ilalim ng lantad na mga simulain at prinsipyo lalo sa pagsasalin ng mga obrang pampanitikan.

Sa kabilang banda, nangunguna si Savory (1959), sa kontekstong ang pagsasaling-wika ay isang sining na kapag ang isang pinta ay may maling kulay, sukat, proporsyon at dimensyon ay katumbas ng pagkakamali sa pagbibigay ng kahulugan sa tunay na diwa ng isang parirala. Katulad ng kanyang pagbibigay diin sa pagsasalin ng isang genre na nasa anyong patula na isinalin sa anyong tuluyan ay katulad lamang ng isang sketch na patakbuhing pinto na hindi naging matapat sa orihinal na larawan,

Anupaman, napakahalagang papel sa pagsasaling-wika ang kasanayan at karunungan ng tagapagsalin. Bawat paniniwala ay magbubunsod sa patuloy na paglago ng wika sa Pilipinas at sa mga bansang pinagmulan ng orihinal na pyesa ng genreng panitikang isinalin at patuloy na isasalin tungo sa kaunlaran ng lahat.

Ang pagsasalin sa Filipino ay may mahalagang papel sa adhikang pang-edukasyon. Higit itong naging masigla nang ang mga panitikan sa iba't ibang bansa ay isinama sa kurikulum ng Filipino sa sekundarya, kolehiyo maging sa pandalubhasaang antas ng pag-aaral mula sa pinakapayak hanggang sa pinakakomplikadong anyo ng panitikan.

Masasalamín ito sa Patakaran sa Edukasyong Bilinggwal, na batay sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 25, s. 1974, na naglalayon na umpisahan ang paggamit ng Filipino (Filipino ngayon) bilang midyum sa ilang mga piling asignatura, maliban sa Ingles na siya namang nirebisa sa Konstitusyon ng 1987 (Art. XIV, Sek. 7): Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at hangga't walang ibang itinadhana ang batas, Ingles. Sa madaling salita, halos lahat ng batayang-aklat at kagamitang pampagtuturo na nasusulat sa wikang Ingles ay kinailangang isalin sa Filipino bilang midyum ng pagtuturo.

Hindi ito naging madali lalo't imposibleng maisalin nang ganap sa ibang wika ang diwang sinulat sapagkat naisin man at hindi ng tagasalin ay tiyak na may mawawala, mababago, o madaragdag sa orihinal na diwa ng kanyang isinasalin.

Dahil sa magkaibang kalikasan ng mga wikang kasangkot ay masasabig walang ganap at perpektong salin. “Imposinleng maging siyento porsiyentong matapat” ang salin dahil walang dalawang wika sa mundo ang magkatulad. Gayupaman, ang mga tagapagsalin ay nagangailangan ng malawak na kamalayan sa dalawnag wikang kasangkot, kultura, awtor at recipient nito. Ang pagpalaot sa pagsasaling-wika ay sensitibong gawain na nangangailangan ng mga batayang kaalaman.

Sanggunian:

Eugene N. 1969. Toward A Science of Translating. Netherlands: Copyright by E.J. Brl, Leiden.

Theodore S. 1959. The Art of Translation. London: Alden Press.

Virgilio A. 2016. Batayang Pagsasalin: Ilang Patnubay at Babasahin para sa Baguhan. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Kautusang Pangkagawaran Blg. 25, s. 1974; Blg. 52, s. 1987. Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports.

Konstitusyon ng Pilipinas 1974, 1987.